

GABAY SA PAGTATANIM AT PANGANGALAGA NG

SL-8H AT SL-18H

Super Hybrid Rice Seeds

1

PAGHAHANDA NG KAMANG PUNLAAN

Maghanda ng 400 metro kwadrang punlaan na may taas na 4-5 sentimetro. Maglagay ng 200kg (1/2 kg/sqm) organikong pataba sa kamang punlaan upang maging malusog, madaling bunutin ang mga punla at mabawasan ang pinsala sa ugat.

2

PAGPAPASIBOL O PAGPATUBO NG BINHI

Gumamit ng 15-18 kg binhi ng SL-8H o SL-18H sa bawat ektarya.

A. PAGBABABAD BAGO IPUNLA



PAGHAHATI - Hatiin sa apat na bahagi ang SL-8H (18kg). Samantalang ang (5kg) naman ay pwede ng iderektang ibabad.

PAGBABABAD - HUGASAN at IBABAD ang binhi sa loob ng 12 ORAS at PALITAN ng MALINIS na TUBIG kada 3 ORAS.



PAGKUKULOB - HANGUIN at IKULOB ang binhi sa loob ng 24-36 ORAS. Ipagpatuloy pa rin ang paghuhugas ng malinis na tubig kada 3 ORAS at panatilihin itong MAMASA-MASA sa pamamagitan ng pagwiwisik ng tubig.



PAGSIBOL NG BINHI

Hintayin hanggang sa **BUMUKA**, **PUMUTOK** o **NGUMITI** ang binhi bago isabog sa punlaan.



B. PAGESABOG SA KAMANG PUNLAAN

Magsabog ng isang dakot ng pinasibol na binhi sa bawat metro kwadrang punlaan at siguraduhing pantay ang pagkakasabog ng binhi.

Siguraduhin na ang punlaan ay m a m a s a - m a s a lamang at hindi nakalubog sa tubig bago magsabog ng binhi.



Ilubog ng bahagya ang mga binhi sa pamamagitan ng pagpapadaan ng kahoy, tabla, dahon ng saging o anumang bagay sa ibabaw ng punlaan. Mahalaga ito upang malagyan ng manipis na lupa sa ibabaw ng binhi.

Magsagawa ng mga nararapat na pamamaraan upang mabigyan ng proteksyon ang mga punla laban sa ibon at daga.

3

PAG-AALAGA NG PUNLA

Siguraduhing laging may tubig ang kanal sa tabi ng punlaan upang manatili itong mamasamasa.



Magsabog ng 10 kilong urea (46-0-0) pagkalipas ng pitong araw at ulitin 7 araw bago bunutin ang punla.



Mag-spray ng **BLB**[®] Stopper 20sc sa mga punla bilang proteksyon sa Bacterial Leaf Blight (BLB) 2-3 araw bago maglipat tanim. Gumamit ng 60 ml sa 16 litro ng tubig (1 knapsack sprayer) para sa isang 400 metro kwadrang kamang punlaan.



A. LIPAT-TANIM


PAGLILIPAT-TANIM:

Maglipat-tanim 18-21 araw pagkatapos na magpunla.

(Kung sakaling hindi mailipat-tanim sa 18-21 araw, maari pa din maglipat-tanim hanggang 25-30 araw).




Maglipat-tanim lamang ng 1-2 punla bawat tundos.




PAGPAPATUBIG PAGKALIPAT-TANIM:

Tatlo hanggang limang (3-5) araw pagkalipat-tanim, patubigan sa lalim na 2 sentimetro ang palayan.



Unti-unting dagdagan ang tubig sa lalim na 3-5 sentimetro sa panahon ng paglililihi at pamumulaklak ng palay o habang lumalago ang palay.



Bawasan o igahin ang patubig hanggang sa mamas-masa na lang ang lupa 20 araw bago mag-anihan.



PAMAMARAAN NG PAGGAMIT NG ABONO (LIPAT-TANIM)

(SL-8H / SL-18H)
Tag-araw

| PANAHO NG PAGLALAGAY | DAMI NG ABONO / GRADO BAWAT EKTARYA | | |
|-----------------------|-------------------------------------|-------------------|-----------------|
| | Urea Ammonium Phosphate | Kumpletong Abono | Potash |
| Basal | 1 sako (46-0-0) 1 sako (16-20-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 15 DAT | 2 sako (46-0-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 35-40 DAT | 2 sako (46-0-0) | | |
| 45-50 DAT | Planergy (30-50 ml/knapsack) | | 1 sako (0-0-60) |
| 70-75 DAT (flowering) | Planergy (30-50 ml/knapsack) | | |

N-P-K (151-38-58)

(SL-8H / SL-18H)
Tag-ulan

| PANAHO NG PAGLALAGAY | DAMI NG ABONO / GRADO BAWAT EKTARYA | | |
|-----------------------|-------------------------------------|-------------------|-----------------|
| | Urea Ammonium Phosphate | Kumpletong Abono | Potash |
| Basal | 1 sako (46-0-0) 1 sako (16-20-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 15 DAT | 1 sako (46-0-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 35-40 DAT | 1 sako (46-0-0) | | |
| 45-50 DAT | Planergy (30-50 ml/knapsack) | | 1 sako (0-0-60) |
| 70-75 DAT (flowering) | Planergy (30-50 ml/knapsack) | | |

N-P-K (105-38-58)

- DAT – (Days after Transplanting)
- Magsabog ng 10-12 kilong Zinc Sulfate sa loob ng 2-4 na Linggo pagkalipat-tanim kung may kakulangan sa sustansyang ito.
- Ang uri at dami ng abono ay maaring magbago ayon sa resulta ng pagsusuri sa lupa o sa rekomendasyon sa inyong lugar.

B. SABOG-TANIM

Magsabog ng 18-36 kilos (1-2 sako) ng binhing SL-8H o SL-18H bawat ektarya.

Para makasiguro ng pantay na pagsabog(paghasik) ng binhi, hatiin sa 8 hanggang 10 bahagi ang 18-36 kilos na binhi.

Halimbawa: Para sa 1,000 metro kwadrado, magsabog lamang ng 2 hanggang 3 ½ kilos.

Panatiliing mamas-masa ang lupa. Sundin ang tamang pamamaraan ng pagpapatubig.

Pagsasa-ayos ng tamang dami ng tanim o population density.

Siguraduhing pantay ang kapal ng tanim sa loob ng 1 ektarya. Bawasan ang makapal at hulipan naman ang lugar na maluluwag o bakante.

Itigil o awatin ang pagpapatubig 36 hanggang 41 araw mula pagpapasabog tanim para maiwasan ang pagdapa ng palay (enhance lodging resistance) at dumami ang suwi (tiller).

Magpatubig na muli 42 araw mula pagsasabog tanim hanggang 7 araw bago mag-anihan.



5

PANGANGALAGA LABAN SA SAKIT AT MGA PESTE

Mag-spray ng **BLB[®] STOPPER 20sc** laban sa BACTERIAL LEAF BLIGHT sa ika 15, 30, 45 araw (DAT/DAS) at sa ika 60 (DAT/DAS - optional) upang maiwasan ito lalo na kung tag-ulan. Gumamit ng **Jolina 2.5 EC** tuwing ika-7 hanggang 14 na araw para sa mga pesteng gaya ng GREEN LEAFHOPPER, ARMYWORMS, RICE BUGS, LEAFFOLDER at BLACK BUGS kung maoobserbahan ang paglabas ng mga ito. Tingnan ang gabay sa pamplet na ito (*Gabay sa wastong nutrisyon ng palay at wastong pangangasiwa ng peste.*)

Maghalo ng "sticker o adjuvant" kada knapsack sprayer para mapanatiling mas matagal ang kapit ng mga pestisidyo lalo na tuwing tag-ulan.



PAMAMARAAN NG PAGGAMIT NG ABONO (SABOG-TANIM)

(SL-8H / SL-18H)

Tag-araw

| PANAHOON NG PAGLALAGAY | DAMI NG ABONO / GRADO BAWAT EKTARYA | | |
|------------------------|-------------------------------------|-------------------|-----------------|
| | Urea Ammonium Phosphate | Kumpletong Abono | Potash |
| 10-12 DAS | 1 sako (46-0-0) 1 sako (16-20-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 20-30 DAS | 2 sako (46-0-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 42-45 DAS | 2 sako (46-0-0) | | |
| 60 DAS | PLANERGY 30-50ml / knapsack | | 1 sako (0-0-60) |
| 60-65 DAS (flowering) | PLANERGY 30-50ml / knapsack | | |

Tag-ulan

| PANAHOON NG PAGLALAGAY | DAMI NG ABONO / GRADO BAWAT EKTARYA | | |
|------------------------|-------------------------------------|-------------------|-----------------|
| | Urea Ammonium Phosphate | Kumpletong Abono | Potash |
| 10-12 DAS | 1 sako (46-0-0) 1 sako (16-20-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 20-30 DAS | 1 sako (46-0-0) | 2 sako (14-14-14) | |
| 42-45 DAS | 1 sako (46-0-0) | | |
| 60 DAS | | | 1 sako (0-0-60) |
| 60-65 DAS (flowering) | PLANERGY 30-50ml / knapsack | | |

6

PAG-AANI



Anihin ang SL-8H o SL-18H Super Hybrid Rice kung 95% ng mga uhay nito ay hinog na. (Sa panahon na madalas ang malakas na ulan, maaari ng anihin kahit 85% ang pagkahinog nito.)